REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-181

KAPASIYAHAN NA NAGTATAKDA NA TAWAGIN AT PANGALANAN ANG BARANGAY HALL NG ALABANG NA BARANGAY CAPTAIN NESTOR D. SANTOS MEMORIAL HALL UPANG MAGSILBING BANTAYOG AT PAGKILALA'T PAGPAPAHALAGA SA KABUTIHAN, KAHUSAYAN AT KATAPATAN NIYA SA PANAHON NG KANYANG PANUNUNGKULAN.

---

SAPAGKAT, bilang isang lingkod ng bayan ay nagpamalas ng kasipagan, dedikasyon at buong katapatan sa tungkulin si Barangay Captain Nestor D. Santos;

SAPAGKAT, si Barangay Captain Santos ay mabuting huwaran ng isang lingkod ng bayan na dapat tularan;

SAPAGKAT, si Barangay Captain Santos ay hindi lamang magaling na pinuno ng bayan kundi isa ring ulirang asawa at ama ng tahanan , mabuting anak ng kanyang mga magulang at magaling na kaibigan ninuman:

SAPAGKAT, hindi inalintana ni Barangay Captain Santos ang anumang panganib mangahulugan man ito ng kanyang buhay mapanatili lamang ang kaayusan at katahimikan sa kanyang nasasakupan;

SAPAGKAT, ang Barangay Captain Nestor D. Santos Memorial Hall ang siyang magsisilbing alaala at bantayog para sa yumaong punong-barangay na walang hinangad kungdi maglingkod ng tapat sa kanyang nasasakupan upang maging simbulo na dapat pamarisan ng bawat lingkod ng bayan.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila, ay napagpasiyahan na gumawa ng isang kapasiyahan na nagtatakda na tawagin at pangalanan ang Barangay Hall ng Alabang na Barangay Captain Nestor D. Santos Memorial Hall upang magsilbing bantayog at pagkilala't pagpapahalaga sa kabutihan, kahusayan at katapatan niya sa panahon ng kanyang panunungkulan, at pinagpasiyahan pang muli na bigyan ng sipi ng kapasiyahang ito ang mga naulila ni Barangay Captain Nestor D. Santos.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang 148 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-25 ng Marso, 1991 sa sala ng Pambayang Hukumang Pag-uusig.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

Kgg. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

Pahina - 2 -
Kapasiyahan Bilang 91-181

Kgg. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

Kgg. REY E. BULAY
Konsehal

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

Kgg. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

Kgg. ROGER C. SMITH
Konsehal

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

Kgg. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pansamantalang Pambayang Kalihim

PBS/vts